**MAHALAGANG KAALAMAN**

# Mga Dapat Malaman Tungkol sa Sulfur Mustard

Ano ang sulfur mustard

- Ang sulfur mustard ay isang uri ng kemikal na pandigmaan. Ang mga ganitong uri ng kemikal ay tinatawag na viscants o nakakapaltos na kemikal, dahil nagiging sanhi ng pamamaltos ng balat at mucuous membranes kapag dumiit.
- Ang sulfur mustard ay tinatawag ding "mustard gas o mustard agent," o H, HD, at HT ayon sa militar.
- Ang sulfur mustard kung minsan ay may amoy na tulad ng bawang, sibuyas, o mustasa at kung minsan ay walang amoy. Ito ay puwedeng isang singaw (ang gas na anyo ng isang likido), isang malangis na likido, o isang solido.
- Ang sulfur mustard ay puwedeng malinaw o dilaw o kayumanggi kapag ito ay likido o solido.

Saan natatagpuan ang sulfur mustard at paano ito ginagamit

- Ang sulfur mustard ay likas na natatagpuan sa kapaligiran.
- Ang sulfur mustard ay pinasimulan noong Unang Digmaang Pandaigdig bilang isang kemikal na pandigmaan. Hanggang kamakailan, ito ay makukuha para gamitin sa paggamot ng kondisyon ng balat na tinatawag na psoriasis. Sa kasalukuyan, ito ay walang gamit na medikal.

Paano maaaring mahantad ang mga tao sa sulfur mustard

- Kung ang sulfur mustard ay inilabas sa hangin bilang isang singaw, maaari kang mahantad sa pamamagitan ng pagdiit sa balat, pagdiit sa mata, o paglanghap. Ang singaw na sulfur mustard ay nadadala sa malayo sa pamamagitan ng hangin.
- Kung ang sulfur mustard ay inilabas sa tubig, ang mga tao ay maaaring mahantad sa pamamagitan ng pag-inom ng kontaminadong tubig o pagpasok nito sa kanilang balat.
- Ang mga tao ay puwedeng mahantad sa pamamagitan ng pagdiit sa likidong sulfur mustard.
- Ang sulfur mustard ay nakakatagal nang mula 1 hanggang 2 araw sa kapaligiran sa ilalim ng pangkaraniwang klima at tumatagal ng mga linggo hanggang mga buwan sa ilalim ng napakalamig na panahon.
- Ang sulfur mustard ay mabagal maghiwalay sa katawan, kaya ang paulit-ulit na pagkahantad ay maaaring may kumulatibong epekto (ito ay maaaring maipon sa katawan).



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™

## Paano nagkakabisa ang sulfur mustard

- Ang mga mapanganib na epekto sa kalusugan na sanhi ng sulfur mustard ay depende sa dami ng sulfur mustard na nahantad ang mga tao, sa ruta ng pagkahantad, at sa tagal ng oras na nahantad ang mga tao.
- Ang sulfur mustard ay sanhi ng pangangati at paltos na nakakapinsala sa balat, mga mata, at respiratory (paghinga) tract.
- Ito ay nakakapinsala sa DNA, isang mahalagang sangkap ng mga selula sa katawan.
- Ang sulfur mustard ay mas mabigat kaysa hangin, kaya ito ay titigil sa mga lugar na mababa.

## Mga kaagad na palatandaan at sintomas ng pagkahantad sa sulfur mustard

- Ang pagkahantad sa sulfur mustard ay karaniwang hindi nakakamatay. Nang gamitin ang sulfur mustard noong Unang Digmaang Pandaigdig, ito ay nakamatay nang mas kaunti sa labin lima porsiyento ng mga tao na nahantad at nagpagamot.
- Maaaring hindi kaagad malaman ng mga tao na nahantad sila, dahil ang sulfur mustard ay madalas na walang amoy o may amoy na maaaring hindi mo katatakutan.
- Pangkaraniwan, ang mga palatandaan at sintomas ay hindi agad lumalabas. Depende sa kalubhaan ng pagkahantad, ang mga sintomas ay maaaring hindi lumabas sa loob ng 2 hanggang 24 na oras. May mga tao na mas maramdamin sa sulfur mustard kaysa ibang mga tao, at maaaring magkaroon kaagad ng mga sintomas.
- Ang sulfur mustard ay maaaring magkaroon ng mga sumusunod na epekto sa mga partikular na bahagi ng katawan:
    - *Balat*: ang pamumula at pangangati ng balat ay maaaring mangyari 2 hanggang 48 oras pagkaraan ng pagkahantad at sa huli ay magiging dilaw na pamamaltos ng balat.
    - *Mga mata*: ang pangangati, pananakit, pamamaga, at pagluluha ay maaaring mangyari sa loob ng 3 hanggang 12 oras pagkaraan ng banayad hanggang kainamang pagkahantad. Ang malubhang pagkahantad ay maaaring maging sanhi ng mga sintomas sa loob ng 1 hanggang 2 oras at maaaring kabilang sa mga sintomas ng isang banayad o kainamang pagkahantad kasama ang pagkamaramdamin sa liwanag, matinding pananakit, o pagkabulag (tumatagal ng hanggang 10 araw).
    - *Respiratory tract*: pagtulo sa ilong, pagbahin, pamamalat, dumudugong ilong, pananakit ng sinus, pangangapos ng hininga, at ubo sa loob ng 12 hanggang 24 na oras pagkaraan ng banayad na pagkahantad at sa loob ng 2 hanggang 4 na oras pagkaraan ng malubhang pagkahantad.
    - *Digestive tract*: pananakit ng puson, pagtatae, lagnat, alibadbad, at pagsusuka.

- Ang pagpapakita ng mga ganitong palatandaan at sintomas ay hindi nangangahulugan na ang isang tao ay nahantad sa sulfur mustard.

### Ano ang maaaring maging pangmatagalang epekto sa kalusugan

- Ang pagkahantad sa likidong sulfur mustard ay mas malamang na lumikha ng ikalawa- at ikatlong-antas ng paso at pagkakaroon ng pilat sa huli kaysa pagkahantad sa singaw ng nitrogen mustard. Ang malawak na pagkapaso o pagkasunog ng balat ay nakakamatay.
- Ang malawak na paglanghap ng mga singaw ay puwedeng maging sanhi ng malalang sakit sa daanan ng hininga, paulit-ulit na impeksyon sa daanan ng hininga, o kamatayan.
- Ang malawak na pagkahantad ng mata ay puwedeng maging sanhi ng permanenteng pagkabulag.
- Ang pagkahantad sa sulfur mustard ay maaaring magpalaki ng panganib na magkaroon ang isang tao ng kanser sa baga at kanser sa daanan ng hininga.

Paano mapapangalagaan ng mga tao ang kanilang mga sarili at ano ang dapat nilang gawin kung sila ay nahantad sa sulfur mustard.

- Dahil walang gamot na pangontra sa pagkahantad sa sulfur mustard, ang pinakamabuting gawin ay iwasan ito. Iwan kaagad ang lugar kung saan ang sulfur mustard ay inilabas. Sikaping maghanap ng mas mataas na lupa, dahil ang sulfur mustard ay mas mabigat kaysa hangin at titigil sa mga lugar na mababa.
- Kung ang pag-iwas sa pagkahantad sa sulfur mustard ay hindi magagawa, mabilis na tanggalin ang sulfur mustard mula sa katawan. Ang kaagad na pagtanggal ng sulfur mustard pagkaraan ng pagkahantad ay ang tanging mabisang paraan upang pigilan o bawasan ang pinsala sa tisyu ng katawan.
- Mabilis na tanggalin ang anumang damit na may likidong sulfur mustard. Kung magagawa, ipasok ang damit sa isang plastik bag at mahigpit na sarhan ang bag, at saka ipasok ng bag na plastik sa ikawalang bag at mahigpit na sarhan.
- Kaagad na hugasang mabuti ng malinis na tubig ang alinmang nahantad na bahagi ng katawan (mga mata, balat, atbp.). Ang mga mata ay dapat hugasan ng tubig para sa 5 hanggang 10 minuto. HUWAG tatakpan ang mga mata ng mga benda, pero protektahan ang mga ito ng mga madidilim na salamin o goggles.
- Kung may nakalunok ng sulfur mustard, HUWAG itong pasusukahin. Bigyan ang tao ng gatas para inumin.
- Magpatingin kaagad sa doktor. Idayal ang 911 at ipaliwanag kung ano ang nangyari.

### Paano ginagamot ang pagkahantad sa sulfur mustard

Ang pinakamahalagang dapat gawin ay ang pagtanggal ng sulfur mustard mula sa katawan. Ang pagkahantad sa sulfur mustard ay ginagamot sa pamamagitan ng pagbibigay sa biktima ng pansuportang pangangalagang medikal upang bawasan ang mga epekto ng pagkahantad. Bagaman walang gamot na pangontra sa sulfur mustard, ang pagkahantad ay karaniwang hindi nakakamatay.

### Saan ka makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa sulfur mustard

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa sulfur mustard, puwedeng makipag-ugnay ang mga tao sa mga sumusunod:

- Panrehiyong sentro sa pagkontrol ng lason (1-800-222-1222)
- Centers for Disease Control and Prevention
    - Public Response Hotline (CDC)
        - English (888) 246-2675
        - Español (888) 246-2857
        - TTY (866) 874-2646
    - Emergency Preparedness and Response Web site
    - Mga tanong sa pamamagitan ng e-mail: cdcresponse@ashastd.org
    - Mga tanong sa pamamagitan ng koreo:

      Public Inquiry c/o BPRP

      Bioterrorism Preparedness and Response Planning

      Centers for Disease Control and Prevention

      Mailstop C-18

      1600 Clifton Road

      Atlanta, GA 30333
- Agency for Toxic Substances and Disease Registry (ATSDR) (1-888-422-8737)
    - Mga tanong sa pamamagitan ng e-mail: atsdric@cdc.gov
        - Mga tanong sa pamamagitan ng koreo:

          Agency for Toxic Substances and Disease Registry

          Division of Toxicology

          1600 Clifton Road NE, Mailstop E-29

          Atlanta, GA 30333

*Itong papel ng dapat malaman ay batay sa pinakamahusay na kasalukuyang impormasyon ng CDC. Ito ay maaaring isapanahon kung may makukuhang bagong impormasyon.*

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.cdc.gov o tawagan ang CDC public response hotline
sa (888) 246-2675 (English), (888) 246-2857 (Español), o (866) 874-2646 (TTY)



DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES
CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION
SAFER • HEALTHIER • PEOPLE™